Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 16, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 095-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA MILYON WALONG DAAN LABING LIMANG LIBO ANIMNARAA'T LIMANG PISO (P6,815,605.00) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (IRA) TAONG 2007.**

SAPAGKA'T, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na makapagpatibay ng Karagdagang Badyet ang pamahalaang bayan upang ilaan sa pantauhang paglilingkod, proyektong pangkaunlaran, pangangasiwa ng tanggapan at pangkalamidad sa halagang P6,815,605.00 na nakasaad sa ordinansa sa ibaba nito na ang pagkukunan ng pondo ay magmumula sa karagdagang IRA nang taong 2007, lakip ang pagpapatunay ng Pambayang Ingat-Yaman (Internal Revenue Allotment).

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayoy kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 10-T'07

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna

SEKSYON 1 – Iliwat at ilaan ang halagang P6,815,605.00 para sa mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| a. Karagdagang pondo sa RATA mula sa buwan ng Abril – Disyembre, 2007, naaayon sa Local Budget Circular #84, Abril 13, 2007 | P 375,840.00 |
| b. Karagdagang pondo para sa 10% Salary Adjustment mula buwan ng Hulyo 2007, naaayon sa Local Budget Circular #86, June 18, 2007 | 1,763,931.00 |
| c. Karagdagang pondo para sa Additional Year End Benefits ng mga empleyado at bagong halal na mga opisyal ng pamahalaang bayan | 450,000.00 |
| d. Karagdagang pondo sa Life & Retirement Insurance Premium | 406,511.87 |
| e. Karagdagang pondo para sa 20% Development Fund | 1,363,121.00 |
| f. Karagdagang pondo para sa 5% Calamity Fund | 340,780.25 |
| g. Karagdagang pondo para sa Tanggapan ng Punong Bayan | |
| 1. Travelling Expenses | 100,000.00 |
| 2. Training and Seminar Expenses | 215,420.48 |
| 3. Supplies and Materials Expenses | 200,000.00 |
| 4. Other Supplies Expenses | 200,000.00 |
| 5. Representation Expenses | 400,000.00 |
| 6. Grants and Donations | 200,000.00 |
| 7. Repair and Maint. of Office Equipment | 50,000.00 |
| 8. Repair and Maint. of Office of the Mayor | 200,000.00 |
| 9. Capital Outlay – Furniture and Fixtures | 200,000.00 |

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 095-T'07)



h. Karagdagang pondo para sa Tanggapan ng Pang. Punong Bayan

| | |
|---|---|
| 1. Representation Expenses | 50,000.00 |
| 2. Repair & Maint. Motor Vehicle | 50,000.00 |
| 3. Repair of Office | 50,000.00 |

i. Karagdagang pondo para sa Tanggapan ng Sangguniang Bayan

| | |
|---|---|
| 1. Training and Seminar Expenses | 100,000.00 |
| 2. Representation Expenses | 100,000.00 |

na may kabuuang halagang P6,815,605.00 mula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) nang taong 2007, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. ROMULO A. ELCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ANGELITO U. Limjuco
Kagawad

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan